



Buprenorphine

Ang kailangan niyong malaman

Hunyo 2021

Ano ang buprenorphine?

- Buprenorphine - o bup - ay isang gamot para sa tao na may kronikong sakit o adiksiyon sa opioids (heroin o gamot para sa sakit/ sakit sa katawan). Karamihan ng mga tao ay kilala ito sa pangalan ng mga brand katulad ng Suboxone® at Subutex®.
- Tumutulong ang buprenorphine para maalis ang labis na pagnanais sa mga opioid at ng mga sintomas mula sa paghinto nito, at hindi ito nakaka-"high" o nakakadulot ng pakiramdam ng matinding kaginhawaan.
- Mas kaunti ang pag-overdose sa mga tao na umiinom ng buprenorphine. Isa itong sigurado at ligtas na gamot at 30 taon na itong ginagamit.
- Hindi ito nagpapalalit ng isang gamot para sa iba -- ito ay isang gamot na kailangan inumin araw-araw para manatiling malusog.
- Madalas na naiinom nang kasabay ang buprenorphine at naloxone sa isang tableta. Naloxone ay kaparehas ng Narcan®, pero kung ilalagay ito sa ilalim ng dila, ang naloxone ay hindi papasok sa katawan at hindi magdudulot ng sakit. Nandyan ang Naloxone para siguraduhin na ang mga tao ay hindi dudurugin ang tableta at iniksyon ito sa katawan— kapag ginawa ito, papasok sa katawan ang naloxone at magdudulot ng sakit o karamdaman.

Ano ang pakiramdam na uminom ng buprenorphine?

- Maraming tao ang nagsasabi na ang kanilang masidhing pagnanais at mga sintomas ng withdrawal ay nawawala, nakakaramdam sila ng "malinaw na pag-iisip", at gumagaling ang kanilang kronikong pananakit.
- Kada umaga ay maglalagay kayo ng tableta o film strip sa ilalim ng inyong dila at hayaan itong matunaw— huwag itong lunukin.
- Kadalasan kailangan ng mga tao na inumin ito araw-araw, at nakakaramdam sila ng sakit kapag bigla nilang tinigilang inumin ito.
- Kadalasan ay wala itong mga side effects o kasamang epekto, ngunit may mga taong nakakaranas ng sakit sa ulo, sakit sa tiyan, o kahirapan sa pagtulog.
- Maraming tao ang patuloy na kumukuha nito sa loob ng maraming taon, o habang-buhay. Ayos lang na gustuhing ihinto ang pag-inom nito, ngunit kung maaari, kausapin muna ang inyong medical team.
- Ang tiyansa ng pagkakaroon ng overdose o labis na dosis sa buprenorphine ay napakababa, ngunit kapag inihalo ito kasama ng iba pang mga droga o alak, maaring magkaroon ng overdose o labis na dosis.
- Ilang mga tao ay kumukuha ng buprenorphine sa pamamagitan ng iniksyon sa ilalim ng balat ng tiyan isang beses sa isang buwan. Ito ay mabuting pagpipilian kung ang paginom ng gamot araw-araw ay mahirap para sa inyo.

Tama ba ang buprenorphine para sa akin?

- Kung umiinom ka ng methadone ngayon, kausapin ang inyong medical team bago magpalit.
- Bago kumuha ng unang dosis ng buprenorphine, karamihan sa mga tao ay kailangang makaramdam muna ng ilang sintomas ng withdrawal. Ito ay importante dahil kapag ininum ito habang may iba pang opioids sa iyong systema, maari kang magkasakit nang malala.
- **Kausapin ang inyong medical team upang malaman kung ang buprenorphine ay isang gamot na makakabuti sa iyo.** Marami pang ibang mga mainam na pagpipilian para sa paggamot, ikaw lang at ang inyong team ang makakaalam kung ano ang pinakamabuti para sa iyo.

Paano ako makakakuha ng buprenorphine?

- **Puwede kayong pumunta sa mga lugar na ito para magsimula.** Maaring kailangan mong bumusita ng ilang beses bago makakuha ng unang dosis. Sa ilang mga klinika (katulad ng methadone clinics), pwede kang pumunta araw araw para kunin ang inyong dosis ng buprenorphine.
- Imbes na pumunta sa methadone clinic, puwedeng kunin ang gamot mula sa isang primary care doctor (pangunahing doktor na taga-pangalaga ng kalusugan). Maaring kailangan mong bumisita ng araw-araw sa simula, pero maraming tao ang nakakapalit nang madali sa lingo-linguahan o buwanbuanan na pagbisita.
- Ilang mga telemedicine groups ay nagbibigay ng reseta online/ o sa telepono imbes na sa loob ng opisina ng doktor, kaya kailangan ng telepono at internet para gamitin ang serbisyong ito.

Provider—Please write in other options such as inpatient, medical respite, primary care, etc. as applicable to this patient.

Pangalan ng Organisasyon (Name of Organization)			
Ilokasyon (Address)			
Telepono (Phone)			
Oras (Hours)			

Ang dokumentong ito ay isinalin ng UC Berkeley Volunteer Health Interpreters Organization (VHIO).

Ang CA Bridge ay isang programa ng Public Health Institute. Ang Public Health Institute ay nagsusulong ng kalusugan, kabutihan at kalidad na pamumuhay para sa mga mamamayan sa bawat sulok ng California, sa ibayo ng bansa at sa buong mundo. © 2021, California Department of Health Care Services. Ang mga materyales ay napakinabangan sa pamamagitan ng Creative Commons Attribution-NonCommercial-NoDerivatives 4.0 International (CC BY-NC-ND 4.0). Mas marami pang mapagkukunan ng impormasyon sa www.cabridge.org.